



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IV-A CALABARZON
SANGAY NG LUNGSOD NG CABUYAO
Lungsod ng Cabuyao, Laguna


DEPARTMENT OF EDUCATION
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO
RECORDS UNIT
RECEIVED

BY:

DATE: 5/3/18

KALATAS

PARA SA : OIC-Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
ng mga Paaralan
Hepe, Curriculum Implementation Division
OIC-Hepe, School Governance and Operations Division
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Pinuno ng Paaralan sa Elementarya at Sekundarya
Mga Guro sa Filipino Elementarya at Sekundarya
Lahat ng kinauukulan

MULA KAY : 
DORIS B.J. ESTALILLA, Ed.D.
OIC-Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA : **KONGRESO SA WIKA 2018**

PETSA : Mayo 28, 2018


Ang **Komisyon sa Wikang Filipino** ay magdaraos ng Kongreso sa Wika 2018 na may paksang "Adyenda sa Pagbuo ng Gramatika ng Wikang Pambansa". Ito ay gaganapin sa Agosto 2-4, 2018 sa Gusaling Albertus Magnus, Universidad ng Santo Tomas, Espana, Sampaloc, Manila. Ang layunin ng gawaing ito ay ang mga sumusunod:

1. Maisakonteksto ang pag-aaral ng gramatika sa pangkalahatang larang ng pag-aaral ng wika,
2. Matalunton ang simula at pag-unlad ng gramatika ng Wikang Pambansa sa Pilipinas,
3. Masuri ang nilalamang panggramatika ng Kurikulum ng K to 12,
4. Matalakay ang mga aspekto at katangian ng ilang pangunahing katutubong wika sa Pilipinas,
5. Maitampok ang mga saliksik ng mga piling institusyon at organisasyon sa Pilipinas, at
6. Matalakay ang ilang estratehiya ng pagtuturo ng gramatika.

Ang Taggapang ito ay iniendorso ang gawaing ito sa lahat ng kinauukulan upang higit na mapaunlad ang kaalaman sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang rehistrasyon ay nagkakahalaga ng P2,400.00 para sa seminar kit at pagkain (3 tanghalian at 6 meryenda) para sa maagang pagpaparehistro hanggang Hulyo 10, 2018. Ang akomodasyon naman ay nagkakahalaga ng P2,000.00 sa loob ng tatlong araw na seminar.



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IV-A CALABARZON
SANGAY NG LUNGSOD NG CABUYAO
Lungsod ng Cabuyao, Laguna



Ang mga kalahok sa gawaing ito ay ang mga sumusunod:

1. Ulong-Guro sa Filipino (Sekundarya)
2. Gurong Tagapag-ugnay sa Asignaturang Filipino (Elementarya at Sekundarya)
3. Mga Guro sa Filipino (Elementarya at Sekundarya)
4. At iba pang interesadong guro

Ang pakikilahok ay BOLUNTARYO at ayon sa pagsang-ayon ng punongguro ng paaralan. Ang mga gastusin para sa rehistrasyon, transportasyon, akomodasyon at iba pang gastusin ay maaring kunin sa *Faculty Development Fund*, School MOOE o local fund na dadaan sa tamang panuntunan ng pagtutuos at pagsusuri.

Lahat ng interesado ay maaring makipag-ugnayan kay **Dr. Jonathan F. Bernabe**, EPS-Filipino para sa pagpapatala at iba pang impormasyon.